

Mga Kinakailangan sa Pagtawag ng Dios Yugto 22

Pakikipagkaibigan sa Dios-Yugto 1

“13 Walang may lalong dakilang pagibig kay sa rito, na ibigay ng isang tao ang kaniyang buhay dahil sa kaniyang mga kaibigan. 14 Kayo'y aking mga kaibigan, kung gawin ninyo ang mga bagay na aking iniuutos sa inyo. 15 Hindi ko na kayo tatawaging mga alipin; sapagka't hindi nalalaman ng alipin kung ano ang ginagawa ng kaniyang panginoon: nguni't tinatawag ko kayong mga kaibigan; sapagka't ang lahat ng mga bagay na narinig ko sa aking Ama ay mga ipinakilala ko sa inyo.” (Juan 15:13-15)

Nang sinabi ni Jesus, ***“13 Walang may lalong dakilang pagibig kay sa rito, na ibigay ng isang tao ang kaniyang buhay dahil sa kaniyang mga kaibigan.” (Juan 15:13)*** hindi ibig sabihin na ibigay mo ang iyong buhay para sa iyong mga kaibigan, kundi ang katotohanan ay ibinigay ni Jesus ang Kanyang buhay para sa atin dahil isinasalang alang niya tayo na Kanyang mga kaibigan. Si Jesus ay totoong namatay sa krus para sa ating mga kasalanan upang iligtas tayo at hinihiling Niya sa atin ngayon na maging kaibigan Niya.

Ang pakikipagkaibigan kay Jesus at kay Jesus ay batay sa utos na ito, ***“14 Kayo'y aking mga kaibigan, kung gawin ninyo ang mga bagay na aking iniuutos sa inyo.” (Juan 15:14)*** Itinuring ka ni Jesus na Kanyang kaibigan, at ang Kanyang dugo na ibinuhos Niya sa krus para sa iyong mga kasalanan ay magtatakip sa iyong mga kasalanan at magliligtas sa iyo kung susundin mo ang mga utos ni Jesus at ang Kanyang Salita at ang tinig ng Banal na Espiritu sa iyo.

Maraming pribilehiyo ang pakikipagkaibigan sa Dios, ***“15 Hindi ko na kayo tatawaging mga alipin; sapagka't hindi nalalaman ng alipin kung ano ang ginagawa ng kaniyang panginoon: nguni't tinatawag ko kayong mga kaibigan; sapagka't ang lahat ng mga bagay na narinig ko sa aking Ama ay mga ipinakilala ko sa inyo.” (Juan 15:15)*** Ang pakikipagkaibigan sa Dios ay ihayag sa atin at ipapakilala sa atin ang mga bagay at kaalaman ng Dios. Upang maging kaibigan ng Dios kung gayon malalaman mo kung anong ginagawa ng Dios at maari mong pag aralan nang malinaw ang pangyayari sa buhay.

Si Abraham na ating ama sa pananampalataya, pinahalagahan ang kanyang pakikipagkaibigan sa Dios, ***“23 At natupad ang kasulatan na nagsasabi, At si Abraham ay sumampalataya sa Dios, at yao'y ibinilang na katuwiran sa kaniya; at siya'y tinawag na kaibigan ng Dios.” (Santiago 2:23)*** Si Abraham at ang kanyang mga inapo ay tinanggap ang mga pagpapala ng pakikipagkaibigan ni Abraham sa Dios. **Ang pakikipagkaibigan sa Dios ay hindi katulad ng pakikipagkaibigan sa mga tao. Ang Dios ay nasa lahat ng dako at Siya ay naririyon sa lahat ng pagkakataon. Ang mga tao ay hindi mahahanap sa mga lugar at oras na ikaw ay nangangailangan.**

“10 Ang iyong sariling kaibigan at ang kaibigan ng iyong ama, ay huwag mong pabayaan; at huwag kang pumaroon sa bahay ng iyong kapatid sa kaarawan ng iyong kasakunaan: maigi ang kapuwa na malapit kay sa kapatid na malayo.” (Kawikaan 27:10) Ang sinabi sa kawikaang ito na ang iyong kaibigan at kaibigan ng iyong ama ay hindi mo dapat pabayaan dahil sa iyong kalamidad ay malapit sila sa iyo at mas mabuti kaysa sa iyong kapatid na nasa malayo. Ngunit sino pa ang mas malapit sa iyo kaysa sa Dios, na isang panalangin lang ang layo? At sino pa ang mas matapat sa iyo kaysa kay Jesus at sino ang mas makakatulong sa iyo kaysa sa Dios na kaibigan mo?

Nais ng Dios na maging tapat ka sa pakikipagkaibigan sa Kanya, sapagkat ang mga alagad ni Jesus ay pinayuhan na kailangan nilang magkaroon ng pakikipagkaibigan sa Dios at hindi magkaroon ng mga kaibigan sa sanglibutan. Siya ay isang mapanibughong Dios at Siya'y kikilos ng may poot at magagalit kung ikaw ay papabor sa mga tao at pakikipagkaibigan kaysa sa iyong pakikipagkaibigan sa Kanya. Si Santiago, ang sumulat ng aklat ng Santiago at ang kapatid ni Jesus, ay binigyang diin ang tungkol sa pakikipagkaibigan sa Dios sa pamamagitan ng pagsaway sa pakikipagkaibigan sa sanglibutan: ***“4 Kayong mga mangangalunya, hindi бага ninyo nalalaman na ang pakikipagkaibigan sa sanglibutan ay pakikipagaway sa Dios? Sinoman ngang magibig na maging kaibigan ng sanglibutan ay nagiging kaaway ng Dios. 5 O iniisip бага ninyo na ang kasulatan ay nagsasalita ng walang kabuluhan? Ang Espiritu бага na pinatira sa atin ay nagnanais hanggang sa kapanaghilian?” (Santiago 4:4-5)*** Kapag nakikipagkaibigan ka sa mga tao at nakipagkompromiso sa kanila at kinunsinti ang kanilang mga kasalanan dahil iniisip mo balang araw na kakailanganin mo sila, ang paraan ng pag iisip at paguugali na iyon ay labis na ay magagalit sa iyo ang Dios. Kung gagawin mo iyon nawawala sa iyo ang mga pribilehiyong makipagkaibigan sa Dios.

“8 Nguni't ikaw, Israel, lingkod ko, Jacob na siyang aking pinili, na binhi ni Abraham na aking kaibigan;” (Isaiah 41:8) Narito ang Dios ay nakipag usap sa mga Israelita na Kanyang tinawag upang maglingkod sa Kanya at pinapaalalahanan Niya sila na Siya ang kaibigan ng kanilang amang si Abraham. Ayon sa pakikipagkaibigan ni Abraham sa Dios, ang Panginoon dito ay tinatawag ang Israel upang patuloy na maglingkod sa Kanya. **Ang iyong pakikipagkaibigan sa Dios ngayon ay ininihanda ang daan para sa iyong mga anak at mga inapo upang matulungan at tawagin ng Dios para maglingkod sa Kanya.**

“7 Di mo ba pinalayas, Oh aming Dios, ang mga nananahan sa lupaing ito sa harap ng iyong bayang Israel, at iyong ibinigay sa binhi ni Abraham na iyong kaibigan magpakailan man?” (2 Cronica 20:7) Si Haring Jehoshaphat nang ang kanyang lupain ay sinalakay ng mga hukbo ng mga kaaway, sa kanyang panalangin ay nagsumamo siya sa Dios na ibinigay na Niya ang lupaing ito sa kanila, ang binhi ni Abraham, batay sa pagiging kaibigan ng Dios kay Abraham. Batay doon, ang Dios ay nakialam para kay Haring Jehoshaphat at sa mga taong kasama niya at binigyan sila ng malaking tagumpay laban sa tatlong hukbong sumalakay. Si Abraham nang panahong yaon, matagal nang patay ngunit ang Kanyang pakikipagkaibigan sa Dios ay nakatayo at ang kanyang mga inapo ay tumatanggap ng mga pribilehiyo dahil si Abraham na kanilang ama ay kaibigan ng Dios.

Ang iyong pakikipagkaibigan sa Dios ngayon at sa iyong buhay sa lupa, sa huli'y magdadala ng malalaking pagpapala sa iyong mga anak, inapo at alagad.

Ang mga tao, mga kamaganak, mga kapitbahay at mga kaibigan ay hindi makakatulong sa iyong mga inapo ngunit ang pakikipagkaibigan mo sa Dios na nabubuhay magpakailamman at siya ang makapangyarihan sa lahat ng dako at makapangyarihan sa kasalukuyan ay magtitiyak ng buhay at kinabukasan sa kanila. Ang gawa ng iyong kamay ay hindi makakatulong sa kanila ngunit ang iyong pakikipagkaibigan sa Dios ay makakatulong.

“11 At nakikipagsalitaan ang Panginoon kay Moises ng mukhaan, gaya ng isang taong nakikipagsalitaan sa kaniyang kaibigan.” (Exodu 33:11a KJV) Si Moses ay kaibigan din ng Dios at pinahalagahan niya ang pakikipagkaibigan niya sa Dios. Ang halaga ng pakikipagkaibigan niya sa Dios, ang Panginoon ay nakikipagusap sa kanya nang mukhaan. **Kapag nahaharap ka sa mga kaguluhan at hindi mo alam ang gagawin, at kapag nais mo ng payo, at makakuha ng payo, kailangan mo ng sagot at malinaw na direksyon na yumaon at kumilos. Maaring marami ka nang kaibigan ngunit hindi nila kayang gawin ang kung anong kayang ialok ng Dios sa iyo kapag Siya ay nagsalita nang malinaw sa iyo bilang Kanyang kaibigan at sa mukhaan; hindi ka nila kayang pasiyahan ng isang sagot gaya ng pagbibigay kasiyahan sa iyo ng Dios.**

Huwag magalala kung walang kang mga kaibigan, sapagkat si Jesus ay maaring sumama sa iyo sa alinmang lugar at lutasin ang iyong suliranin. Maaring ipadala Niya ka sa tiyak na mga tao na tutupad sa iyong kailangan, o Siya mismo ang pupunta at tatapusin ang bagay sa iyo at hindi kana kailangan pang kumilos.

Tinatawag ka ng Dios ngayon upang magkaroon at panatilihin ang iyong pakikipagkaibigan sa Kanya, at gaganapin ito sa iyo gaya ng paniniwala mo.

Ang Bibliya ay nagtuturo sa atin na makipagkaibigan sa Dios upang para sa atin ay lumakad sa pagsunod sa Kanya at mamuhay nang ganap na ipinangako Niya sa atin.

Ang Bibliya ay nagpapaalala sa atin na huwag magkaroon ng pakikipagkaibigan sa mga tao kundi panatilihin ang ating pakikipagkaibigan sa Dios na nagtuturo sa atin kung paanong panghawakan ang bawat pakikipag ugnayan sa mga tao na makakatagpo natin sa buhay. Ang ating Dios ay isang mapanibughong Dios at ayaw Niya na mas gustuhin natin ang mga tao at pakikipag ugnayan kaysa sa ating pakikipag ugnayan sa Kanya. Bukod pa riyon, ang ating pakikipagkaibigan sa sanglibutan at sa mga tao ay malamang na magdulot sa atin ng panganib at maaring mapinsala. Kaya't ang Salita ng Dios ay masigasig na nagtuturo sa atin na panatilihin ang ating pakikipagkaibigan sa Kanya lamang.

Ang mga tao sila'y may karaniwang pakikipagkaibigan para sa iba't ibang dahilan. Ito'y maaring para sa kakilala at para pampalipas ng oras, at sa ganyang mga kaibigan ay isang pinagkukunan ng kasiyahan. Ang mang aawit ay sinabi sa Panginoon, **“8 Iyong inilayo sa akin ang kakilala ko; iyong ginawa akong kasuklamsuklam sa kanila: ako'y nakulong at hindi ako makalabas,”** (Awit 88:8) Ang ibig sabihin ng kakilala ay kaibigan. Kaya dito isa sa mga layunin ng pagkakaroon ng kaibigan ay para sa layunin ng kakila upang makapaglaan ng oras at magkaroon ng isang masaya o bukas na talakayan at pag uusap ng puso sa puso. **Ngunit kanino mo makikita ang mas mabuti kaysa kay Jesus na makilala at magpagkakatiwalaan, upang buksan ang iyong puso at makipagusap?**

Bakit hindi tayo dapat magkaroon ng kaibigan mula sa mundo? Ang mga kaibigan sa mundo ay ang pinagmumulan ng mga kaguluhan sa buhay. Ang sumusunod na mga pangyayari at sitwasyon ay nagpapakita ng malinaw kung bakit hindi dapat magkaroon ng kaibigan mula sa mundo, mula sa mga hindi sumusunod kay Cristo. Narito sisimulan natin na ilarawan ang mga pangyayari ng maling pakikipagkaibigan.

A. Ang mga tao ay makikipagkaibigan sa iyo para sa ilang pakinabang: **“6 Marami ang mamamanhik ng lingap sa magandang-loob: at baw't tao ay kaibigan ng nagbibigay ng mga kaloob.”** (Kawikaan 19:6) Kaya dito ang layunin ng pakikipagkaibigan ay upang makakuha ng isang bagay mula sa pakikipag ugnayan. Karaniwang ang mga tao ay nakikipagkaibigan upang makakuha ng ilang pakinabang. Ang mga tao ay nagiging kaibigan sa maimpluwensyang mga tao at mga namumuno upang makakuha ng mga pribilehiyo, nalalaman na ang mga maimpluwensyang mga tao ay laging may mga pakinabang at pabor at suporta, kaya sa pakikipagkaibigan sa kanila sila'y nabibilang sa ganitong pribilehiyo. Si Abner nang siya'y nagalit kay Isboeth sinabi sa kanya na ibinigay niya ang benepisyo hindi lamang sa sangbahayan ni Saul kundi pinalawak pa iyon hanggang sa mga kaibigan ni Saul, **“8 Nang magkagayo'y nagalit na mainam si Abner dahil sa mga salita ni Is-boseth, at sinabi, Ako ba'y isang ulo ng aso na nauukol sa Juda? Sa araw na ito ay nagpapakita ako ng kagandahang loob sa sangbahayan ni Saul na iyong ama, sa kaniyang mga kapatid, at sa kaniyang mga kaibigan, at hindi ka ibinigay sa kamay ni David, at gayon ma'y iyong ibinibintang sa araw na ito sa akin ang isang kasalanan tungkol sa babaing ito.”** (2 Samuel 3:8)

Kapag ikaw ay mahirap wala kang makikita na nasa tabi mo, **“20 Ipinagtatanim ang dukha maging ng kaniyang kapuwa: nguni't ang mayaman ay maraming kaibigan.”** (Kawikaan 14:20) **“11 Ang mga mangliligaw at mga kaibigan ko ay nangatayong malayo sa aking paghihirap; at ang aking mga kamaganak ay nakalayo.”** (Awit 38:11) Si Job ay hinamak nang kanyang mga kaibigan nang nawala ang kanyang mga ari arian. **“20 Ginagalit ako ng aking mga kaibigan: nguni't ang aking mata ay nagbubuhos ng mga luha sa Dios;”** (Job 16:20) **“14 Kaniyang binubugbog ako ng bugbog at bugbog; siya'y gaya ng isang higanti na dinadaluhong niya ako.”** (Job 19:14) **“19 Kahit na ngayon, narito, ang aking saksi ay nasa langit, at siyang nananagot sa akin ay nasa kaitaasan.”** (Job 19:19) **“21 Upang kaniyang alalayan ang katuwiran ng tao sa Dios; at ang anak ng tao sa kaniyang kapuwa.”** (Job 19:21) **Makikita**

natin na ang mga kaibigan ay naroroon lamang upang makakuha ng pakinabang sa atin at gamitin ka, kung gayon ang pinakamatalik na kaibigan sa iyo ay si Jesus. Siya ay naririyang upang tulungan ka at suportahan ka sa oras ng iyong kailangan.

B. Ang mga kaibigan ay kabigatan din at nagdudulot ng mga kaguluhan: “Ang nagpaparami ng mga kaibigan ay sa kaniyang sariling kapahamakan: nguni't may kaibigan na mahigit kay sa isang kapatid.” (Kawikaan 18:24) “Ang nagpaparami ng mga kaibigan ay sa kaniyang sariling kapahamakan”, ang iyong mga kaibigan ay hihilingin sa iyo na maging mapalakaibigan sa kanila, at maaring hilingin nila sa iyo ang isang bagay na salungat sa Salita ng Dios o isang bagay na makakaapekto sa iyong kaugnayan kay Cristo.

Kaya't masasabi natin na ang tao na maraming kaibigan ay magdadala ng kapahamakan. Ang mga kaibigan ay kadalasang nagdadala ng kapahamakan at panganib. Samakatuwid ating panatilihin si Jesus bilang nag-iisang kaibigan gaya ng ipinapahayag ng Salita ng Dios, “nguni't may kaibigan na mahigit kay sa isang kapatid.” at ang kaibigang iyon ay si Jesus.

C. Ang mga kaibigan ay hihilahin ka palayo mula sa tamang kapaligiran at hihikayatin ka gumawa ng masasamang bagay: Si Juda ay lumayo sa kanyang mga kapatid at nag-asawa sa isang Cananeong babae sa dahilan ng impluwensya ng isang kaibigan, “1 At nangyari nang panahong yaon, na humiwalay si Juda sa kaniyang mga kapatid, at nagdaan sa isang Adullamita na ang pangalan ay Hira. 2 At nakita roon ni Juda ang anak na babae ng isang Cananeo, na tinatawag na Sua; at kinuha niya at kaniyang sinipingan.” (Genesis 38:1-2) Ang parehong kaibigan na kasama ni Juda nang siya'y umalis at natulog kasama si Tamar matapos ang pagkamatay ng kanyang asawa. Ating basahin ang kwento: “12 At nagdaan ang maraming araw; at namatay ang anak na babae ni Sua, na asawa ni Juda; at nagaliw si Juda, at umahon sa Timnath sa mga manggugupit sa kaniyang mga tupa, siya at ang kaniyang kaibigang si Hira na Adullamita. 13 At naibalita kay Tamar, na sinasabi, Narito, ang iyong biyanang lalake ay umaahon sa Timnath upang pagupitan ang kaniyang mga tupa. 14 At siya'y nagalis ng suot pagkabao, at nagtakip ng kaniyang lambong, at pagkapagtakip ay naupo sa pasukan ng Enaim, na nasa daan ng Timnath; sapagka't kaniyang nakikita, na si Selah ay malaki na, at hindi pa siya ibinibigay na asawa. 15 Nang makita siya ni Juda ay ipinalagay siyang patutot, sapagka't siya'y nagtakip ng kaniyang mukha. 16 At lumapit sa kaniya, sa tabi ng daan, at sinabi, Narito nga, ipinamamanhik ko sa iyo na ako'y pasipingin mo sa iyo: sapagka't hindi niya nakilalang kaniyang manugang. At kaniyang sinabi, Anong ibibigay mo sa akin sa iyong pagsiping sa akin? 17 At kaniyang sinabi, Padadalhan kita ng isang anak ng kambing na mula sa kawan. At kaniyang sinabi, Bibigyan mo ba ako ng sangla hanggang sa maipadala mo? 18 At kaniyang sinabi, Anong sangla ang ibibigay ko sa iyo? At kaniyang sinabi, Ang iyong singsing, at ang iyong pamigkis, at ang tungkod na dala mo sa kamay. At kaniyang ipinagbibigay sa kaniya, at sumiping sa kaniya; at siya'y naglihi sa pamamagitan niya. 19 At siya'y bumangon, at yumaon, at siya'y nagalis ng kaniyang lambong, at isinuot ang mga kasuotan ng kaniyang pagkabao. 20 At ipinadala ni Juda ang anak ng kambing sa pamamagitan ng kamay ng kaniyang kaibigan, na Adullamita, upang tanggapin ang sangla sa kamay ng babae: datapuwa't hindi niya nasumpungan. 21 Nang magkagayo'y kaniyang itinanong sa mga tao sa dakong yaon na sinasabi, Saan nandoon ang patutot na nasa tabi ng daan sa Enaim? At kanilang sinabi, Walang naparitong sinomang patutot. 22 At nagbalik siya kay Juda, at sinabi, Hindi ko nasumpungan: at sinabi rin naman ng mga tao sa dakong yaon, Walang naging patutot rito. 23 At sinabi ni Juda, Pabayaang ariin niya, baka tayo'y mapahiya: narito, aking ipinadala itong anak ng kambing at hindi mo siya nasumpungan.” (Genesis 38:12-23) Ang gayong uri ng mga tao na kinuha mo bilang kaibigan hindi lamang ipapahamak ka nila bagkus hihikayatin ka at hindi ka sasawayin mula sa paggawa ng masama.

D. Ang mga kaibigan ay maaring ipagkanulo ka: Ang kaibigan ni Samson ay ikinasal sa babae na dapat na maging asawa para kay Samson. “20 Nguni't ang asawa ni Samson ay ibinigay sa kaniyang kasama, na siya niyang inaaring parang kaniyang kaibigan.” (Mga Hukom 14:20) Ang isa sa kaibigan ni Samson ay nagtaksil sa kanya at kinuha ang kanyang asawa. Ang mga kaibigan ng sanglibutan na hindi kaibigan ni Jesus ay ipagkakanulo ka.

E. Ang mga kaibigan ay maaring maging napakamalisyosong mga tao na kumakatha ng pagkasira: “1 At nangyari, pagkatapos nito, na si Absalom na anak ni David ay mayroong isang kapatid na babae na maganda, na ang pangala'y Tamar; at sininta siya ni Amnon na anak ni David. 2 At si Amnon ay totoong nagdamdam, na anopa't siya'y nagkasakit dahil sa kaniyang kapatid na kay Tamar; sapagka't siya'y dalaga; at inaakala ni Amnon na mahirap gawan siya ng anomang bagay. 3 Nguni't si Amnon ay may isang kaibigan na ang pangala'y Jonadab, na anak ni Simea na kapatid ni David: at si Jonadab ay isang lalaking totoong magdaraya. 4 At sinabi niya sa kaniya, Bakit, Oh anak ng hari, sa araw araw ay nangangayayat kang ganyan? hindi mo ba sasaysayin sa akin? At sinabi ni Amnon sa kaniya, Aking sinisinta si Tamar na kapatid ng aking kapatid na si Absalom. 5 At sinabi ni Jonadab sa kaniya, Mahiga ka sa iyong higaan, at magsakitsakitan ka: at pagka ang iyong ama ay naparoon upang tingnan ka, sabihin mo sa kaniya, Isinasamo ko sa iyo na bayaang ang aking kapatid na si Tamar ay pumarito, at bigyan ako ng tinapay na makakain, at maghanda ng pagkain sa aking paningin upang aking makita, at kanin sa kaniyang kamay. 6 Sa gayo'y nahiga si Amnon at nagsakitsakitan: at nang pumaroon ang hari upang tingnan siya, sinabi ni Amnon sa hari, Isinasamo ko sa iyo na bayaang pumarito ang aking kapatid na si Tamar, at igawa ako ng dalawang tinapay na maliit sa aking paningin upang aking makain sa kaniyang kamay. 7 Nang magkagayo'y nagsugo si David sa bahay kay Tamar, na sinasabi, Pumaroon ka ngayon sa bahay ng iyong kapatid na si Amnon, at ipaghanda mo siya ng pagkain. 8 Sa gayo'y naparoon si Tamar sa bahay ng kaniyang kapatid na si Amnon; at siya'y nakahiga. At siya'y kumuha ng isang masa, at minasa, at ginawang mga binilong tinapay sa kaniyang paningin, at niluto na mga munting tinapay. 9 At kinuha niya ang kawali, at mga ibinuhos sa harap niya; nguni't kaniyang tinanggihang kanin. At sinabi ni Amnon: Palabasin ang lahat na tao sa harap ko. At silang lahat ay lumabas, bawa't isa mula sa harap niya. 10 At sinabi ni Amnon kay Tamar: Dalhin mo rito sa silid ang pagkain, upang aking makain sa iyong kamay. At kinuha ni Tamar ang mga munting tinapay na kaniyang ginawa, at mga dinala sa silid kay Amnon na kaniyang kapatid. 11 At nang ilapit niya sa kaniya upang kanin, kaniyang tinangnan siya, at sinabi niya sa kaniya, Halika, sumiping ka sa akin, kapatid ko. 12 At sumagot siya sa kaniya, Huwag kapatid ko, huwag mo akong dahasin; sapagka't hindi marapat gawin sa Israel ang ganyang bagay: huwag kang gumawa ng ganitong kaululan. 13 At ako, saan ko dadalhin ang aking hiya? at tungkol sa iyo, ikaw ay magiging gaya ng isa sa mga mangmang sa Israel. Ngayon

nga, isinasamo ko sa iyo, magsalita ka sa hari, sapagka't hindi ipagkakait ako sa iyo. 14 Gayon ma'y hindi niya dininig ang kaniyang tinig: kundi palibhasa't siya'y malakas kay sa kaniya, dinahas niya siya, at sumiping sa kaniya. 15 Nang magkagayo'y kinapootan siya ni Amnon na may mahigpit na poot; sapagka't ang kapootan na kaniyang ikinapoot sa kaniya ay malaki kay sa pagsinta na kaniyang isininta sa kaniya. At sinabi ni Amnon sa kaniya, Bumangon ka, ikaw ay yumaon.” (2 Samuel 13:1-15) Si Jonadab ay napaka tusong tao at tinuruan si Amnon at hinikayat siya na gumawa ng masama. **Maari hindi mo nalalaman na ang masamang mga kaibigan, kahit sa mga kamaganak, ay tuturuan ka na gumawa ng lantad na bagay na masama.**

F. Ang mga kaibigan ang hahadlang sa iyo mula sa paggawa ng tama: “12 Dahil dito'y pinagsisikapan ni Pilato na siya'y pawalan: nguni't ang mga Judio ay nagsisigawan, na nangagsasabi, Kung pawalan mo ang taong ito, ay hindi ka kaibigan ni Cesar: ang bawa't isang nagpapanggap na hari ay nagsasalita ng laban kay Cesar.” (John 19:12) Nais ni Pilato na pakawalan si Jesus, ngunit ang mga Judio ang nagsamantala sa kanyang kaugnayan kay Cesar upang hadlangan siya mula sa paggawa niyon. Si Pilato bilang kaibigan ni Cesar ay sinabi nila sa kanya, “**Kung pakawalan mo ang taong ito, ay hindi ka kaibigan ni Cesar.**” **Ang iyong pakikipagkaibigan sa ilang tao ay magpapanig sa iyo sa mga tao at magpaparaya at sasang ayon sa kanilang mga kasalanan. Gagamitin ng Diablo ang gayong relasyon upang hadlangan ka mula sa paggawa ng tama.**

Sa aking mahal at minamahal: Huwag magalala kung wala kang mga kaibigan, sapagkat si Jesus ay makakasama mo sa alinmang dako at lulutasin ang iyong suliranin. Maari Niyang ipadala ka sa tiyak na na mga tao na siyang tutupad sa iyong kailangan, o Siya Mismo ang pupunta at tatapusin ang bagay sa iyo at hindi mo kailangang kumilos.

Itong ay mabuti na ikaw ay walang mga kaibigan sapagkat sila'y nakakapinsala:

- Ang iyong mga kaibigan sa sanglibutan ay naririyang lamang upang makakuha ng pakinabang mula sa iyo at gamitin ka.
- Ang iyong mga kaibigan sa sanglibutan ay kakailanganin ka upang makipagkaibigan sa kanila, at maaring sabihin sa iyo ang ilang bagay na salungat sa Salita ng Dios o bagay na makakaapekto sa iyong kaugnayan kay Cristo. Ang mga kaibigan ay kadalasang nagdadala ng kapahamakan at pinsala sa iyo.
- Ang iyong mga kaibigan sa sanglibutan na hindi kaibigan ni Jesus ay hindi lamang ililigaw ka kundi hihikayatin ka at hindi ka pipigilan mula sa paggawa ng masama.
- Ang iyong mga kaibigan sa sanglibutan na hindi kaibigan ni Jesus ay magtataksil sa iyo.
- Hindi mo nalalaman na ang iyong mga kaibigan na hindi kaibigan ni Jesus kahit sa mga kamaganak, ay tuturuan ka na gumawa ng masasamang bagay.
- Ang iyong mga kaibigan sa ilang mga tao ng sanglibutan ay makagawa kang pumanig sa karamihan, kunsintihin at sang ayunan ang kanilang mga kasalanan. Gagamitin ng Diablo ang gayong mga kaugnayan upang hadlangan ka mula sa paggawa ng tama.

Upang tuparin ang pagtawag sa atin ng Dios, kailangan nating panatilihin ang ating pakikipagkaibigan kay Jesus at lumayo mula sa ibang pakikipagkaibigan na mayroon tayo sa sanglibutan. Sinabi ni Apostol Santiago, “4 **Kayong mga mangangalunya, hindi бага ninyo nalalaman na ang pakikipagkaibigan sa sanglibutan ay pakikipagaway sa Dios? Sinoman ngang magibig na maging kaibigan ng sanglibutan ay nagiging kaaway ng Dios. 5 O iniisip бага ninyo na ang kasulatan ay nagsasalita ng walang kabuluhan? Ang Espiritu бага na pinatira sa atin ay nagnanais hanggang sa kapanaghilian?” (Santiago 4:4-5) Ang ating Dios ay isang mapanibughong Dios at ayaw Niya na mas gustuhin natin ang mga tao at ang pakikipagugnayan sa mga tao ng sanglibutan kaysa sa ating pakikipag uganyan sa Kanya. Bukod pa riyang, ang ating pakikipagkaibigan sa sanglibutan at sa mga tao ay malamang maglantad sa atin sa panganib at maaring tayo ay masaktan. Kaya't ang Salita ng Dios ay masigasig na magturo sa atin na manatili sa ating pakikipagkaibigan kay Cristo lamang.**

Ating italaga sa mga layunin ng mensahe na ating natanggap ngayon at ating ipatupad ang natutunan natin sa ating buhay habang ating ipinangangako ang ating buhay sa Kanya sa pananalangin.

Tayo ay manalangin: Amang Dios ako ay lumalapit sa iyo sa pangalan ni Jesus, na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan at nabuhay na maguli sa mga patay upang bigyan ako ng buhay na walang hanggan.

Ating pagsisihan at talikdan ang ating mga kasalanan. Ipagtapat ang iyong mga kasalanan ngayon sa Panginoon. Panginoon ako ay nagsisisi sa sumusunod na mga kasalanan _____

Talikdan ang kasalanan ng pakikipagkaibigan sa sanglibutan at pagtitiwala sa tulong ng mg tao. Talikdan ang kasalanan ng pagiging paggamit sa mga tao. Talikdan ang kasalanan ng pag aasawa sa hindi mananampalataya.

Panginoon nauunawaan ko nang mabuti ang iyong Salita sa mensaheng ito. Panginoon ako'y nanunumbalik sa iyo at nais kong ikaw ay aking maging kaibigan. Linisin mo ako Panginoon, at itatag ako ayon ng iyong Salita at ng iyong kalooban. Panginoon ako ay nananalangin na ibigay mo ang lahat ng aking pangangailangan. Panginoon protektahan mo ako at ibigay mo ang tulong na aking kailangan sa aking buhay upang malampasan ang ilan sa aking mga kaguluhan. Panginoon ipinagkatiwala ko sa iyo ang suliraning ito _____ na kailangan ko na mauna ka sa akin at lutasin ito.

Panginoon aking ipinapanalangin ang aking mga kapatid na Lalaki at Babae na nagtalaga ng kanilang mga sarili upang ipamuhay at gawin ang iyong Salita. Panginoon bigyan mo sila ng higit pang pananampalataya at pagtitiwala sayo. Panginoon ibigay mo ang lahat ng kanilang pangangailangan at mauna ka sa kanila at lutasin ang kanilang mga suliranin. Panginoon Jesus bigyan mo sila ng higit

pang bunga ng Banal na Espiritu upang maging katulad ng katangian at paguugali mo at yaong mga tao'y makita ka nila sa pamamagitan ng kanilang buhay.

Panginoon kami'y nananalangin para sa amin bilang simbahan, Panginoon puspusin kami ng Banal na Espiritu at ibigay sa amin ang mga kaloob ng espirituwal na kailangan namin sa aming buhay upang pumunta at mag ebvangelio at gumawa ng bagong mga alagad. Panginoon kami'y nananalangin na bigyang daan kami na makapagtanim ng maraming pang pagaaral ng Bibliya at maraming pang kapisanan para sa simbahan. Panginoon pagpalain kami, palawakin ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay at iligtas kami mula kapahamakan upang hindi namin madama ang sakit. Nawa ang biyaya ng Panginoong Jesus at ang pagibig ng Diyos at pakikipagpisan ng Banal na Espiritu ay sumaaming lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.

Dr.Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel. #: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espirtual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgothuae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE3803151576003753162014
SWIFT CODE:
NBADAEACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito:
00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansiyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com.